**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-23 NG PEBRERO, 1998, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE ........... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco ............. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas ............ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan . | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon ............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez ........... | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat ........ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison ............. | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas ............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ........ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco .......... | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 040-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET (1998) NG BARANGAY OOGONG NA NAGKAKAHALAGA NG ANIMNARAAN LABINGP[illegible]G LIBO PITONG DAAN TATLUMPU'T SIYAM NA PISO AT DALAWAMPU'T SIYAM NA SENTIMOS (P617,739.29).

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay sa sangguniang ito ang taunang badyet ng Barangay Oogong na nagkakahalaga ng P617,739.29 at ito ay naayon at sumusunod sa mga patakaran ng pagbabadyet ng mga barangay;

**SAPAGKA'T**, matapos na ito ay masuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at mapatunayang hindi ito sumisinsay sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos ay ipinasya ng Lupon sa Pananalapi na irekomendang pagtibayin ito;

**SAPAGKA'T**, anuman ang gagawing pagbabago at paglalabas ng laang gugulin ay kapananagutan ito ng Sang. Barangay Oogong;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Ricardo B. Ramirez, Bernardo E. Ison, Celestino D. Pamatmat at sa buong pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 040-T'98)

-02-

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

NARCISO O. INFANTE 3/11/98
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTITIBAY:

ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan